



**Diversity ng wika: Pagsusuri sa varyasyong leksikal ng wika sa Barangay Nalilidan,
Kalamansig, Sultan Kudarat**

Donald A. Cogo, MAEd^{*1}, Melca R. Sacare², Jingky Moca³
^{1, 2, 3} Sultan Kudarat State University – Kalamansig Campus
^{*}Corresponding Author email: donaldcogo2491@gmail.com

Received: 20 October 2025

Revised: 09 May 2026

Accepted: 19 May 2026

Available Online: 20 May 2026

Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471

<https://doi.org/10.63498/pdpf5>

Abstrak

Layunin: Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Tinutukoy nito ang mga terminolohiyang magkatulad at di-magkatulad sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip, gayundin ang mga pangalawang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan at ang wikang umiiral sa konteksto ng palengke at terminal.

Metodolohiya: Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng pamamaraang etnograpiya. Ang datos ay nakalap mula sa mga piling kalahok sa komunidad sa pamamagitan ng panayam at group discussion, at sinuri gamit ang tematikong pagsusuri.

Resulta: Natuklasan na sa apatnapung (40) terminolohiyang sinuri, tatlo (3) lamang ang may magkatulad na katawagan, samantalang tatlumpu't pito (37) ang di-magkatulad sa tatlong wikang pinag-aaralan. Lumitaw din na bukod sa unang wika, ginagamit ang Tagalog at Cebuano bilang pangalawang wika sa pakikipagtalastasan.

Konklusyon: Ipinapakita ng pag-aaral na ang baryasyong leksikal ay laganap sa komunidad at naaapektuhan ng mga salik na sosyal at heograpikal. Mahalaga ito sa pag-unawa sa dinamika ng wikang Filipino at sa pagpapalalim ng kamalayang sosyolingguwistika at multilingguwalismo sa kontekstong Pilipino.

Mga Susing Salita: *Varyasyong Leksikal, Multilingguwalismo, Wikang Filipino, Sosyolingguwistika, Komunikasyon*

INTRODUKSYON

Ang tuloy-tuloy na pagkakaiba sa pamumuhay ng tao sanhi ng nagbabagong panahon, karanasan, modernisasyon at Ang wika ay isang mahalagang instrumento ng komunikasyon at pagkakakilanlan ng tao. Sa iba't ibang bahagi ng mundo, ang wika ay patuloy na nagbabago dulot ng globalisasyon, migrasyon, modernisasyon, at interaksyon ng iba't ibang kultura at komunidad. Dahil dito, umuusbong ang iba't ibang baryasyon ng wika na nagpapakita ng pagkakaiba-iba sa bokabularyo, pagbigkas, at kahulugan ng mga salita. Sa larangan ng sosyolingguwistika, ang ganitong penomenon ay tinatawag na varyasyong leksikal, na tumutukoy sa pagkakaiba ng mga salitang ginagamit ng mga tao batay sa kanilang heograpikal, sosyal, at kultural na kalagayan (Sandow et al., 2025).

Sa konteksto ng Pilipinas, kinikilala ang bansa bilang isa sa mga may pinakamaraming wika sa buong daigdig. Ayon sa mga pag-aaral, mahigit 180 na buhay na wika ang ginagamit sa bansa na sumasalamin sa mayamang kultura at identidad ng mga Pilipino. Ang pagkakaibang ito ng mga wika ay nagpapakita ng lawak ng lingguwistikong yaman ng bansa at ng matibay na ugnayan ng wika sa kultura at komunidad (Lantaya et al., 2021). Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, ang pag-usbong ng multilingguwalismo, migrasyon, code-switching, language mixing, at impluwensiya ng dominanteng wika ay nagdudulot ng unti-unting pagbabago at paghahalo ng mga katutubong wika. Dahil dito, maraming orihinal na katawagan at estruktura ng wika ang nababago o kaya nama'y unti-unting nawawala. Ayon kay Masorong (2021), ang code mixing at impluwensiya ng modernisasyon at teknolohiya ay nakaapekto sa paggamit at pagpapanatili ng mga katutubong wika. Dagdag pa rito, ipinakitang Ocampo at Belarde (2021) na ang patuloy na paghahalo ng mga lokal na wika at Filipino ay nagdudulot ng pagbabago sa estruktura at bokabularyo ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

Sa Mindanao, partikular sa lalawigan ng Sultan Kudarat, makikita ang malawak na interaksyon ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko tulad ng Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon. Ang mga wikang ito ay may kani-kaniyang

37



katangian, bokabularyo, at estruktura na bunga ng kanilang kasaysayan, kultura, at karanasan bilang komunidad. Ayon kina Kunso at Mendoza (2021), ang wikang Maguindanaon ay nagpapakita ng malinaw na baryasyong ponolohikal, morpolohikal, at leksikal sa iba't ibang lugar sa Mindanao, na nagpapakita ng impluwensiya ng heograpiya at lokal na identidad sa paggamit ng wika. Gayundin, ipinapakita sa pag-aaral ni Arellano III (2022) na naging dominante ang wikang Hiligaynon o Ilonggo sa ilang bahagi ng Mindanao dahil sa migrasyon ng mga Ilonggo mula sa Visayas noong panahon ng programang paninirahan at migrasyon sa Mindanao. Samantala, nananatiling mahalagang bahagi ng identidad at kulturang katutubo ng mga komunidad sa Mindanao ang wikang Manobo. Ayon kina Pabia et al. (2024), mahalaga ang dokumentasyon ng wikang Manobo sapagkat nakapaloob dito ang mga ritwal, kaalamang katutubo, at tradisyong nagpapatibay sa pagkakakilanlan ng komunidad.

Sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat, umiiral ang multilinggwal na sitwasyon kung saan ginagamit ng mga mamamayan ang wikang Ilonggo, Manobo, Maguindanaon, Cebuano, at Tagalog sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Dahil sa madalas na interaksyon ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko, nagkakaroon ng paghahalo at pagbabago sa paggamit ng mga salita na nagbubunga ng varyasyong leksikal. Makikita ito sa pagkakaiba-iba ng katawagan sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip na ginagamit ng mga residente sa komunidad. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita kung paano naaapektuhan ng lipunan, kultura, at heograpiya ang dinamika ng wika. Ayon kina Ojanola at Tarusan (2023), ang mga wikang ginagamit sa SOCCSKSARGEN ay nagpapakita ng iba't ibang baryasyong ponolohikal, morpolohikal, at semantiko batay sa kontekstong panlipunan at heograpikal ng mga komunidad.

Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Tinutukoy nito ang mga terminolohiyang magkatulad at di-magkatulad batay sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip, gayundin ang mga pangalawang wikang ginagamit ng mga mamamayan sa pakikipagtalastasan. Inaasahan na ang pag-aaral na ito ay makapag-aambag sa pagpapalalim ng pag-aaral sa wikang Filipino, sosyolingguwistika, multilinggwalismo, at komunikasyon. Maaari rin itong magsilbing mahalagang sanggunian sa pagpapaunlad ng mother tongue-based education, pangangalaga sa mga katutubong wika, at nagpapatibay ng kamalayang pangkultura at pangwika ng mga Pilipino.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang wika ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang sangkap ng komunikasyon, identidad, at kultura ng tao. Sa konteksto ng globalisasyon at mabilis na pagbabago ng lipunan, patuloy ding nagbabago ang mga wika at nagkakaroon ng iba't ibang baryasyon. Ayon kina Sandow et al. (2025) ang baryasyon ng wika ay bunga ng impluwensiya ng panlipunan, heograpikal, at kultural na salik na humuhubog sa paraan ng paggamit ng mga salita sa iba't ibang komunidad. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Wang et al. (2023) na ang pagkakaiba-iba ng wika ay hindi lamang usapin ng komunikasyon kundi repleksiyon din ng identidad, karanasan, at ugnayang panlipunan ng mga tagapagsalita. Sa larangan ng sosyolingguwistika, mahalagang pag-aralan ang mga baryasyong ito upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng lipunan at kultura ang paggamit ng wika.

Sa Pilipinas, kinikilala ang bansa bilang isa sa may pinakamataas na antas ng lingguwistikong diversity sa Asya. Ayon kina Lantaya et al. (2021) mahigit 180 na buhay na wika at iba't ibang dayalekto ang ginagamit sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Ang pagkakaroon ng maraming katutubong wika ay nagpapakita ng mayamang kasaysayan at kultura ng mga Pilipino. Gayunpaman, kasabay ng pag-usbong ng modernisasyon, migrasyon, at multilinggwalismo ay ang patuloy na pagbabago ng mga wikang ito. Dahil dito, may mga wikang anti-unting nawawala o nahahaluan ng ibang wika bunga ng madalas na interaksyon ng iba't ibang komunidad. Ayon kina Curzan at Adams (2014), ang language standardization ay isang prosesong naglalayong gawing mas pare-pareho o uniform ang paggamit ng wika, lalo na sa mga pormal na konteksto tulad ng edukasyon, akademya, at opisyal na komunikasyon. Gayunpaman, maaari rin nitong maisantabi ang ibang baryante at dayalekto na hindi kabilang sa pamantayang anyo ng wika. Binigyang-diin din nila na ang mga gumagamit ng di-standard na baryante ay kadalasang nakararanas ng negatibong pagtingin at diskriminasyong panlipunan, na nagpapakita na ang wika ay may kaugnayan hindi lamang sa komunikasyon kundi maging sa kapangyarihan at panlipunang pagtingin.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Bucholtz at Hall (2005) na ang wika at baryasyon nito ay mahalagang bahagi ng identidad ng isang komunidad. Ayon sa kanila, ang pagkakaiba sa bokabularyo, pagbigkas, at estruktura ng wika ay nagsisilbing simbolo ng kultura at pagkakakilanlan ng mga tagapagsalita. Ipinapakita ng kanilang pananaw na ang linguistic variation ay hindi simpleng pagkakaiba lamang ng mga salita kundi representasyon ng kasaysayan, tradisyon, at karanasan ng mga tao sa isang partikular na lipunan. Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Sandow et al. (2025) na ang varyasyong leksikal ay bunga ng impluwensiya ng mga salik na sosyal, heograpikal, at kultural. Ang mga baryasyong ito ay karaniwang makikita sa iba't ibang rehiyon kung saan nagkakaroon ng



pagbabago sa bokabularyo at kahulugan ng mga salita depende sa komunidad na gumagamit nito. Sinusuportahan naman ito nina Ocampo at Belarde (2021) na nagsabing ang code-switching, language mixing, at adaptasyon ng wika ay ilan sa mga pangunahing dahilan ng pagbabago sa leksikal na anyo ng wika sa mga multilingguwal na komunidad sa Pilipinas.

Sa Mindanao, partikular na makikita ang mataas na antas ng linguistic diversity dahil sa presensya ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko. Ipinapakita sa mga pag-aaral na ang mga katutubong wika sa rehiyon tulad ng Maguindanaon ay mayroong internal variation sa antas ng ponolohiya, morpolohiya, at leksikon na nag-iiba depende sa heograpikal na lokasyon at komunidad ng mga tagapagsalita. Ayon sa pag-aaral nina Kunso at Mendoza (2021), ang mga baryasyong ito ay bunga ng natural na proseso ng language variation sa loob ng iisang speech community, kung saan ang parehong wika ay nagkakaroon ng magkakaibang anyo batay sa lugar at social interaction.

Samantala, sa mas malawak na konteksto ng Mindanao, ipinapakita ng mga pag-aaral sa language contact na ang Hiligaynon (Ilonggo) ay lumaganap sa ilang bahagi ng rehiyon dahil sa historikal na migrasyon mula sa Visayas. Ayon kay Abucay (2025), ang migrasyon at patuloy na interaksyon ng mga Ilonggo at iba pang grupo sa Mindanao ay nagdudulot ng lexical variation, code-switching, at language mixing sa araw-araw na komunikasyon sa rehiyon.

Dagdag pa rito, sa mga multilingguwal na komunidad sa Mindanao, ang pakikisalamuha ng mga tagapagsalita ng iba't ibang wika tulad ng Cebuano, Hiligaynon, at mga katutubong wika ay nagresulta sa lexical borrowing at linguistic accommodation bilang normal na proseso ng language contact. Ipinapakita ng mga pag-aaral sa Philippine sociolinguistics na ang ganitong uri ng interaksyon ay hindi lamang nagbabago sa bokabularyo kundi pati sa paraan ng pagpapahayag at estruktura ng wika sa pang-araw-araw na diskurso (Labio et al., 2026)

Sa kabilang banda, mahalagang bahagi rin ng pag-aaral ang wikang Manobo bilang isa sa mga pangunahing katutubong wika sa Mindanao. Ipinapakita sa mga kamakailang etnolingguwistikong pag-aaral na ang Manobo ay mayaman sa lexical at cultural expressions na nakaugnay sa kanilang ritwal, paniniwala, at kolektibong pamumuhay. Ayon sa pag-aaral nina Pabia et al. (2024), ang mga ritwal ng Matigsalug Manobo ay sentral na daluyan ng Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP), kung saan ang wika ay nagsisilbing midyum ng pagpapahayag ng espiritwal na paniniwala, agrikultural na gawain, at kolektibong identidad ng komunidad.

Dagdag pa rito, ipinapakita ni Barbosa (2022) na ang mga ritwal ng Obo-Manobo ay isang multimodal semiotic system kung saan ang wika, simbolo, at kilos ay magkakaugnay sa pagpapahayag ng ideolohiya at panlipunang kaayusan. Ipinapakita nito na ang wika ng Manobo ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon kundi bahagi ng mas malawak na cultural meaning-making system ng komunidad.

Sintesis

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga kaugnay na literatura na ang varyasyong leksikal ay isang sistematikong penomenon na hinuhubog ng ugnayan ng mga salik na sosyal, heograpikal, at kultural sa loob ng mga komunidad. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang multilingguwalismo, migrasyon, at language contact ay nagdudulot ng mga prosesong tulad ng code-switching, lexical borrowing, at linguistic accommodation na siyang nagpapayaman ngunit nagpapakomplikado rin sa estruktura ng wika. Higit pa rito, binibigyang-diin ng mga iskolar na ang baryasyon ng wika ay hindi lamang usapin ng pagkakaiba sa anyo kundi isang manipestasyon ng identidad, kapangyarihan, at karanasang panlipunan ng mga tagapagsalita. Gayunpaman, bagama't malawak na natalakay ang linguistic variation sa pambansa at rehiyonal na antas, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa komparatibong pagsusuri ng varyasyong leksikal ng Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa isang tiyak na multilingguwal na komunidad, partikular sa kontekstong komunikatibo tulad ng palengke at terminal. Dahil dito, pinupunan ng kasalukuyang pag-aaral ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng empirikal na pagsusuri sa ugnayan ng baryasyong leksikal, multilingguwalismo, at aktuwal na paggamit ng wika sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat.

Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Variationist Sociolinguistics na pangunahing binuo ni Labov (1994), na nagpapaliwanag na ang wika ay sistematikong nagkakaroon ng baryasyon batay sa panlipunang salik. Ipinapakita ng teorya na ang pagkakaiba-iba ng wika ay hindi itinuturing na pagkakamali kundi isang natural at organisadong bahagi ng linggwistikong sistema. Ayon kay Tagliamonte (2011), ang baryasyon sa wika ay nakabatay sa mga salik tulad ng edad, identidad, at social network ng mga tagapagsalita. Dagdag pa nina Wardhaugh at Fuller (2021), ang wika ay dinamiko at patuloy na nagbabago dahil sa impluwensiyang panlipunan at kultural.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Wardhaugh at Fuller (2021) na ang baryasyon ng wika ay sumasalamin sa identidad at panlipunang relasyon ng mga tao. Ang paraan ng paggamit ng salita, pagpili ng bokabularyo, at pag-



aangkop ng wika ay maaaring magpakita ng pagkakakilanlan ng isang komunidad at ng kanilang ugnayan sa iba pang grupo. Dahil dito, mahalagang suriin ang mga baryasyong leksikal upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng lipunan at kultura ang komunikasyon ng mga tao.


Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Meyerhoff (2018) na ang sosyolingguwistika ay nakatuon sa pag-aaral ng ugnayan ng wika at lipunan. Ayon sa kanya, ang baryasyon sa wika ay maaaring maiugnay sa mga salik tulad ng heograpikal na lokasyon, identidad panlipunan, migrasyon, at pakikipag-ugnayan ng mga tao sa iba't ibang komunidad. Sa mga multilingguwal na lipunan, karaniwan ang mga penomenong tulad ng code-switching, lexical borrowing, at language mixing na nagiging dahilan ng pagbabago at paglawak ng bokabularyo at gamit ng wika. Binibigyang-diin ng pananaw na ito na ang wika ay dinamiko at patuloy na hinuhubog ng interaksyong panlipunan at kultural.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, gagamitin ang Variationist Sociolinguistics bilang pangunahing lente sa pagsusuri ng varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Sa pamamagitan ng teoryang ito, susuriin kung paano nagkakaroon ng pagkakatulad at pagkakaiba sa mga terminolohiyang ginagamit ng mga residente batay sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip. Gagamitin din ang teorya upang maipaliwanag kung paano naaapektuhan ng multilingguwalismo, kultura, heograpiya, at pakikipagtalastasan sa komunidad ang paggamit ng mga salita at ang pag-usbong ng baryasyong leksikal.

Sa kabuuan, mahalaga ang Variationist Sociolinguistics sa pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na batayan upang maunawaan ang ugnayan ng wika, lipunan, at identidad. Sa pamamagitan nito, masusuri kung paano nagiging salamin ng kultura at karanasan ng komunidad ang mga baryasyong leksikal na umiiral sa Barangay Nalilidan.

Konseptuwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Ipinapalagay sa pag-aaral na ang baryasyong leksikal ay naiimpluwensiyahan ng iba't ibang salik tulad ng multilingguwalismo, interaksyong panlipunan, heograpikal na lokasyon, at paggamit ng pangalawang wika sa pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga terminolohiyang ginagamit sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip, matutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng tatlong wikang pinag-aaralan. Sinusuri rin ang mga pangalawang wikang ginagamit ng mga mamamayan at ang wikang umiiral sa mga kontekstong panlipunan tulad ng palengke at terminal. Mula rito, inaasahang maipapakita ang ugnayan ng wika, kultura, identidad, at komunikasyon sa isang multilingguwal na komunidad.



Paglalahad ng Suliranin

Ang wika ay patuloy na nagbabago dulot ng mga salik na panlipunan, kultural, at heograpikal. Sa mga multilingguwal na komunidad, nagkakaroon ng interaksyon ang iba't ibang wika na nagbubunga ng baryasyong leksikal. Sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat, umiiral ang iba't ibang wikang katutubo tulad ng Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.



Sa kabila ng pagkakaroon ng mga pag-aaral hinggil sa baryasyong leksikal sa iba't ibang wika sa Pilipinas, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nakatuon sa paghahambing ng leksikal na baryasyon ng Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa isang partikular na komunidad. Gayundin, kulang ang pag-unawa sa kung paano ginagamit ang mga wikang ito sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon tulad ng palengke at terminal, gayundin sa paggamit ng mga pangalawang wika.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat upang maunawaan ang dinamika ng wika, komunikasyon, at multilinggwalismo sa kontekstong Pilipino. Inaasahan na ang pag-aaral na ito ay makapag-aambag sa larangan ng wikang Filipino, sosyolingguwistika, at komunikasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-liwanag sa ugnayan ng wika at identidad sa isang multilinggwal na komunidad.

Pangkalahatang Layunin

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat.

Tiyak na mga Layunin

Layunin din nitong:

1. Matukoy ang mga terminolohiyang magkatulad at di-magkatulad sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon batay sa:
 - a. pangngalan
 - b. pandiwa
 - c. pang-uri
 - d. panghalip
2. Matukoy ang mga pangalawang wikang ginagamit ng mga mamamayan sa pakikipagtalastasan.
3. Masuri ang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan sa mga sumusunod na konteksto:
 - a. palengke
 - b. terminal

Tanong sa Pananaliksik

1. Anu-ano ang mga terminolohiyang magkatulad at di-magkatulad na ginagamit sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon batay sa:
 - a. pangngalan
 - b. pandiwa
 - c. pang-uri
 - d. panghalip
2. Anu-ano ang mga pangalawang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan sa Barangay Nalilidan?
3. Ano ang mga wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan sa:
 - a. palengke
 - b. terminal?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng pamamaraang etnograpiya upang masuri ang varyasyong leksikal ng wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Ang pamamaraang ito ay angkop sapagkat nakatuon ito sa pag-unawa sa aktuwal na paggamit ng wika ng mga kalahok sa kanilang likas na kapaligiran. Sa pamamagitan ng etnograpihong pamamaraan, nasuri ang mga terminolohiyang magkatulad at di-magkatulad sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip, gayundin ang paggamit ng mga pangalawang wika sa pakikipagtalastasan sa komunidad.

Populasyon at Sampol

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng labinlimang (15) mamamayan ng Barangay Nalilidan na nahati sa tatlong pangkat: limang Ilonggo, limang Manobo, at limang Maguindanaon. Gumamit ang mga mananaliksik ng purposive sampling upang mapili ang mga kalahok na may sapat na kaalaman at aktuwal na karanasan sa paggamit ng mga wikang pinag-aaralan. Kabilang sa mga pamantayan sa pagpili ang pagiging residente ng barangay,



paggamit ng Ilonggo, Manobo, o Maguindanaon bilang unang wika, at kahandaang makilahok sa panayam at group discussion. Bukod sa kanilang lingguwistikong pagkakakilanlan, ang mga kalahok ay may iba't ibang demograpikong katangian tulad ng edad na nasa pagitan ng humigit-kumulang 20 hanggang 60 taong gulang, at kinabibilangan ng parehong kalalakihan at kababaihan. Karamihan sa kanila ay mga residente ng komunidad na may karanasan sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko, partikular sa mga kontekstong panlipunan tulad ng palengke at terminal. Ang ganitong demograpikong baryasyon ay mahalaga upang makuha ang mas malawak na perspektiba sa paggamit ng wika sa komunidad.

Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik

Bilang pangunahing instrumento, gumamit ang mga mananaliksik ng researcher-made interview guide at gabay na talatanungan na nakatuon sa pagtukoy ng mga salitang ginagamit sa pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip, pati na rin sa mga pangalawang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan at sa wikang ginagamit sa palengke at terminal. Isinailalim ang mga instrumento sa expert validation ng tatlong dalubhasa sa larangan ng sosyolingguwistika at edukasyong pangwika upang matiyak ang content validity, clarity, at cultural appropriateness ng mga tanong. Matapos ang pagsusuri, isinagawa ang mga rebisyon batay sa kanilang rekomendasyon, kabilang ang pagpapalinaw ng mga tanong, pag-aangkop sa lokal na konteksto, at pagtiyak na ang bawat item ay direktang nakaugnay sa layunin ng pag-aaral. Isinagawa rin ang isang pilot testing sa mga kalahok na hindi kabilang sa aktuwal na sampol upang matukoy ang anumang kalituhan o limitasyon ng instrumento bago ang pinal na implementasyon.

Pagkalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos, nagsagawa ang mga mananaliksik ng panayam at group discussion gamit ang semi-structured interview format upang magkaroon ng mas malalim at malayang talakayan hinggil sa paggamit ng wika. Gumamit din ng interpreter upang makatulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag ng ilang salita at pahayag mula sa mga kalahok. Ang lahat ng nakalap na datos ay itinala, isinalin, at itinranskriba bago isinailalim sa pagsusuri. Isinagawa ang pangangalap ng datos mula Enero hanggang Pebrero 2025, kung saan sistematikong isinagawa ang mga panayam at group discussion sa loob ng nasabing panahon upang matiyak ang sapat at organisadong datos para sa pagsusuri.

Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang tematikong pagsusuri (thematic analysis) upang matukoy ang mga pattern, pagkakatulad, at pagkakaiba ng mga terminolohiyang ginamit ng mga kalahok. Isinagawa ang coding at pag-uuri ng mga datos batay sa mga kategoryang pangngalan, pandiwa, pang-uri, at panghalip upang maging sistematiko ang pagsusuri sa baryasyong leksikal ng tatlong wikang pinag-aaralan. Binigyang-kahulugan ang mga natukoy na baryasyon batay sa konteksto ng paggamit ng mga kalahok at sa mga salik na panlipunan, kultural, at heograpikal na nakaimpluwensiya sa kanilang paggamit ng wika.

Mga Pamantayan sa Trustworthiness ng Datos

Upang matiyak ang kredibilidad at pagiging mapagkakatiwalaan ng pag-aaral, isinagawa ang iba't ibang hakbang sa qualitative rigor. Una, ginamit ang triangulation sa pamamagitan ng paghahambing ng datos mula sa panayam at group discussion upang mapagtibay ang konsistensi ng mga natuklasan. Ikalawa, isinagawa ang member checking kung saan ibinalik sa ilang kalahok ang interpretasyon ng datos upang beripikahin ang katumpakan ng kahulugan. Ikatlo, pinanatili ang credibility sa pamamagitan ng masusing transkripsyon at pagsusuri ng datos, habang ang dependability ay tiniyak sa pamamagitan ng malinaw na dokumentasyon ng proseso ng pananaliksik mula pangangalap hanggang pagsusuri ng datos. Sa kabuuan, ang mga hakbang na ito ay nagpatibay sa integridad at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan ng pag-aaral.

Mga Pagsasaalang-alang sa Etika

Isinaalang-alang din sa pag-aaral ang mga etikal na pamantayan upang maprotektahan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik bago isagawa ang panayam at ipinaliwanag nang malinaw ang layunin ng pag-aaral. Tiniyak ang pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon sa pamamagitan ng paggamit ng code names o pseudonyms at ginamit lamang ang mga nakalap na datos para sa layuning akademiko. Pinanatili rin ng mga mananaliksik ang pagiging obhetibo sa pagsusuri ng datos at nagbigay ng wastong pagkilala sa lahat ng sangguniang ginamit sa pag-aaral.

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasan mula sa pagsusuri ng baryasyong leksikal ng wika sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat, kung saan makikita ang iba't ibang paraan ng paggamit ng salita ng mga residente. Ipinapakita ng resulta na ang mga baryasyong ito ay hindi lamang pagkakaiba sa bokabularyo kundi sumasalamín din sa kanilang edad, edukasyon, at karanasang panlipunan, gayundin sa impluwensiya ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao at lugar. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang baryasyong leksikal ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan at kultura ng komunidad..

Talahanayan 1.1

Mga Terminolohiyang Magkatulad at Di-Magkatulad ng Ilonggo, Manobo at Maguindanaon na Tumutukoy sa Pangngalan

Pangngalan	Ilonggo	Manobo	Maguindanaon	Puna
1.Ulo	Ulo`	Ulo	Ulo`	Magkatulad
2.Bibig	Bibi`g	Eba	Ngali`	Di-magkatulad
3.Kamay	Kamo`t	Belad	Lima`	Di-magkatulad
4.Paa	Tii`l	Lisen	Ay^	Di-magkatulad
5.Ngipen	Unt^o	Ngepen	Ngipe^n	Di-magkatulad
6.Dila	Dil^a	Dila	Dila`	Magkatulad
7.Mata	Mat^a	Mata	Mata`	Magkatulad
8.Ilong	Ilong	Edong	Ngilong	Di-magkatulad
9.Leeg	Li`og	Lieg	Li^g	Di-magkatulad
10.Tiyan	Busong	Getek	Tiya`n	Di-magkatulad

Ipinapakita sa Talahanayan 1.1 na karamihan sa mga terminolohiyang pangngalan sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon ay may pagkakaiba-iba sa anyo at pagbigkas, kung saan tatlo lamang sa sampung salita ang nagtataglay ng pagkakatulad. Ipinahihiwatig nito na ang baryasyong leksikal ay isang malinaw na manipestasyon ng pagkakaiba-iba ng wika sa loob ng isang multilingguwal na komunidad.

Ang ganitong resulta ay sumusuporta sa pananaw ng sosyolingguwistika na ang wika ay nahuhubog ng kontekstong panlipunan at heograpikal. Ang pagkakaiba ng mga katawagan, tulad ng "busong," "getek," at "tiyan," ay nagpapakita ng lokal na adaptasyon ng wika batay sa karanasan at interaksyon ng mga tagapagsalita. Gayunpaman, sa kabila ng pagkakaibang ito, nananatili ang kakayahan ng mga tagapagsalita na magkaunawaan, na nagpapakita ng dinamika ng mutual intelligibility sa loob ng wikang Filipino at mga rehiyonal na wika.

Sa larangan ng Filipino, ang ganitong baryasyon ay mahalagang konsiderasyon sa pagtuturo ng wika at komunikasyon, sapagkat ipinapakita nito na ang wika ay hindi iisang pamantayang anyo lamang kundi isang buhay na sistema na patuloy na nagbabago at umaangkop sa konteksto ng gumagamit nito.

Talahanayan 1.2

Mga Terminolohiyang Magkatulad at Di-Magkatulad ng Ilonggo, Manobo at Maguindanaon na Tumutukoy sa Pandiwa

Pandiwa	Ilonggo	Manobo	Maguindanaon	Puna
1.Dagdag	Dugang	Dugang	Umana`n	Di-magkatulad
2.Hakbang	Tikang	Legkowot	Sangka`d	Di-magkatulad
3.Gusto	Gust^o	Keyapan	Galinyan	Di-magkatulad
4.Ikot	Libot	Libot	Libe`t	Di-magkatulad
5.Kain	Kao`n	Kaen	Pagka`n	Di-magkatulad
6.Iyak	Hibi`	Sigaw	Bagulyang	Di-magkatulad
7.Tumatakbo	Dalagan	Eglet	Padtatalaguya`n	Di-magkatulad
8.Sumasayaw	Sa`ot	Egsayaw	Padsaya`w	Di-magkatulad
9.Masaya	Sadya^	Kelingaw	Magalaw	Di-magkatulad



10.Pakawalan	Buy-an	Lengaan	Bukawanen	Di-magkatulad
--------------	--------	---------	-----------	---------------

Ipinapakita sa Talahanayan 1.2 na lahat ng mga terminolohiyang pandiwa sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon ay may pagkakaiba-iba sa anyo, pagbaybay, at pagbigkas. Ipinahihwatig nito na ang baryasyong leksikal ay malinaw na makikita hindi lamang sa pangngalan kundi maging sa paggamit ng kilos o pandiwa sa iba't ibang wika. Bagama't may ilang salitang bahagyang magkahawig tulad ng "dugang" sa Ilonggo at Manobo at "libot" sa dalawang wika, nananatili pa ring magkakaiba ang kabuuang anyo at estruktura ng mga katawagan.

Ang resulta ay nagpapakita na ang wika ay naapektuhan ng kultura, karanasan, at interaksyong panlipunan ng mga tagapagsalita. Ang pagkakaiba ng mga katawagan tulad ng "kaon," "kaen," at "pagkan" para sa salitang "kain" ay nagpapakita ng impluwensiya ng lokal na adaptasyon at linguistic variation sa bawat komunidad. Ipinakikita rin nito na kahit may pagkakaiba ang mga salita, nananatili pa rin ang kakayahan ng mga tagapagsalita na maunawaan ang isa't isa sa pamamagitan ng konteksto at pakikipagtalastasan.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Dalago at Ciruela (2025) na nagsasabing ang baryasyong leksikal ay bunga ng impluwensiyang heograpikal, sosyal, at kultural sa loob ng isang komunidad. Sa kanilang pagsusuri sa mga wikang Surigaonon-Dinagatnon, Cebuano, Binul-anon, at Waray, ipinakita na ang pagkakaiba-iba ng leksikon ay may kaugnayan sa lokasyon at interaksyon ng mga tagapagsalita. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Kalra at Danis (2024) na ang linguistic variation ay mahalagang bahagi ng identidad ng mga tagapagsalita sapagkat sumasalamin ito sa kanilang karanasan, rehiyonal na pinagmulan, at kulturang kinabibilangan. Sa kabuuan, pinatutunayan ng talahanayan na ang pandiwa ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlang pangwika ng isang komunidad at nagpapakita ng dinamika ng wika sa isang multilingguwal na lipunan.

Talahanayan 1.3

Mga Terminolohiyang Magkatulad at Di-Magkatulad ng Ilonggo, Manobo at Maguindanaon na Tumutukoy sa Pang-uri

Pang-uri	Ilonggo	Manobo	Maguindanaon	Puna
1.Abnormal	Abno`	Ngaha ngaha	Malengleng	Di-magkatulad
2.Aksidente	Desgrasya	Neaksidente	Nakasula`k	Di-magkatulad
3.Bastos	Basto`s	Bastos	Biga`n	Di-magkatulad
4.Barado	Buta` / Puno`	Nekealang	Napeno^	Di-magkatulad
5.Bawal	Bawa` / Sayu`d	Bawal	Ipadsapa`l	Di-magkatulad
6.Bistado	Bulgar	Nebisto	Natawa`n	Di-magkatulad
7.Bobo	Mango`	Enda duen Netiigan	Da-akalnin	Di-magkatulad
8.Ganda	Gwapa`	Peon	Manisan	Di-magkatulad
9.Hilaw	Hilaw	Mehilaw	Mela`w	Di-magkatulad
10. Dami	Damo`	Medoo	Madake`l	Di-magkatulad

Ipinapakita sa Talahanayan 1.3 na karamihan sa mga terminolohiyang pang-uri sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon ay may malinaw na pagkakaiba sa katawagan, pagbigkas, at estruktura. Bagama't may ilang salitang magkahawig tulad ng "bastos" at "hilaw," nananatili pa ring kapansin-pansin ang baryasyong leksikal sa tatlong wikang pinag-aaralan.

Ipinahihwatig ng resulta na ang mga pang-uri ay sumasalamin hindi lamang sa paglalarawan ng tao o bagay kundi maging sa kultura at identidad ng bawat komunidad. Ang pagkakaiba ng mga katawagan tulad ng "gwapa," "peon," at "manisan" para sa salitang "ganda" ay nagpapakita ng impluwensiya ng heograpikal at kultural na karanasan ng mga tagapagsalita. Dahil dito, nagiging natatangi ang paraan ng pagpapahayag ng bawat pangkat-etnolingguwistiko.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Mendoza (2024) na nagsasabing ang cultural background ay may malaking impluwensiya sa pag-unawa at paggamit ng wika. Ayon sa pag-aaral, ang mga salita, ekspresyon, at paraan ng komunikasyon ng isang komunidad ay nahuhubog ng kanilang tradisyon, paniniwala, at karanasang panlipunan. Gayundin, ipinaliwanag nina Curzan et al. (2023) na ang pagkakaiba-iba ng anyo ng wika ay isang



natural na bunga ng linguistic diversity at ng patuloy na pag-angkop ng mga tagapagsalita sa nagbabagong lipunang kanilang ginagalawan. Ipinapakita nito na ang baryasyong lingguwistiko ay hindi simpleng paglihis sa pamantayan kundi mahalagang bahagi ng dinamika at ebolusyon ng wika. Sa kabuuan, pinatutunayan ng talahanayan na ang baryasyong leksikal sa pang-uri ay mahalagang bahagi ng pagpapanatili ng identidad at pagkakakilanlang pangkultura ng bawat wika.

Talahanayan 1.4

Mga Terminolohiyang Magkatulad at Di-Magkatulad sa Wikang Ilonggo, Manobo at Maguindanaon na Tumutukoy sa Pangahalip

Panghalip	Ilonggo	Manobo	Maguindanaon	Puna
1.Ako	Ako`	Aken	Saki`	Di-magkatulad
2.Ikaw	Ika`w	Kuna	Seka`	Di-magkatulad
3.Ano	Ano^	Ngadan de	Ngi`n	Di-magkatulad
4.Iyan	Amo na`	Seiya	Namba	Di-magkatulad
5.Kanya	Ana^	Hagdi	Lakani`n	Di-magkatulad
6.Namin	Amo`n	Kenami	Sakami	Di-magkatulad
7.Sarili	Kaugalingon	Nagdi	Ginawa	Di-magkatulad
8.Siya	Tana^	Kagdi	Sakani`n	Di-magkatulad
9.Kanila	Sanda^	Dibaloy	Lakanila`n	Di-magkatulad
10.Amin	Amo`n	Nami	Lakami	Di-magkatulad

Ipinapakita sa Talahanayan 1.4 na ang mga terminolohiyang panghalip sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon ay may malaking pagkakaiba sa katawagan at estruktura. Lahat ng salitang sinusuri ay nagpapakita ng di-pagkakatulad sa pagbigkas, pagbaybay, at anyo, na nagpapatunay sa pagkakaroon ng baryasyong leksikal sa tatlong wikang pinag-aaralan.

Makikita sa talahanayan na ang mga salitang tulad ng "ako," "aken," at "saki" ay may magkakaibang anyo ngunit tumutukoy sa iisang kahulugan. Ipinahihiwatig nito na ang bawat wika ay may sariling sistemang lingguwistiko na nabuo batay sa kultura, kasaysayan, at karanasan ng mga tagapagsalita. Ang ganitong baryasyon ay nagpapakita ng pagiging natatangi ng bawat pangkat-etnolingguwistiko sa paraan ng kanilang pakikipagtalastasan.

Sinusuportahan ito nina Wardhaugh at Fuller (2021) na nagsasabing ang baryasyon ng wika ay sumasalamin sa identidad at ugnayang panlipunan ng mga tao. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Meyerhoff (2018) na ang multilinggwalismo at interaksyon ng iba't ibang komunidad ay nagiging dahilan ng pagbabago sa bokabularyo at estruktura ng wika. Sa kabuuan, pinatutunayan ng talahanayan na ang baryasyong leksikal sa panghalip ay sumasalamin sa dinamika ng multilinggwalismo at pagkakakilanlan ng mga mamamayan sa Barangay Nalilidan.

Talahanayan 2.1

Ang Pangalawang Wika na Umiiral sa Barangay Nalilidan

Impormante (Ilonggo)	Unang wika	Pangalawang wika
1	Ilonggo	Cebuano/Tagalog
2	Ilonggo	Cebuano/Tagalog
3	Ilonggo	Tagalog
4	Ilonggo	Cebuano/Teduray/Tagalog/ English/ Maguindanaon
5	Ilonggo	Cebuano/Tagalog

Ipinapakita sa Talahanayan 2.1 na bukod sa wikang Ilonggo bilang unang wika, karaniwang ginagamit din ng mga impormante ang wikang Cebuano at Tagalog bilang pangalawang wika sa pakikipagtalastasan. May ilan ding gumagamit ng iba pang wika tulad ng Teduray, English, at Maguindanaon. Ipinahihiwatig nito na laganap ang



multilinggualismo sa Barangay Nalilidan bunga ng interaksyon ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko sa komunidad.

Makikita rin na ang paggamit ng pangalawang wika ay nagsisilbing mahalagang instrumento upang mapadali ang komunikasyon at magkaroon ng pagkakaunawaan sa iba't ibang tao. Ang pag-aangkop sa wikang ginagamit ng kausap ay nagpapakita ng kakayahan ng mga mamamayan na makibagay sa sitwasyong panlipunan at komunikatibo.

Sinusuportahan ito nina Tai at Wei (2025) na nagsasabing ang multilingual practices at translanguaging ay mahalagang bahagi ng epektibong komunikasyon at interaksyon sa lipunan. Ipinakita nila na ang paggamit ng maraming wikang repertoaryo ay nakatutulong sa pagbuo ng kahulugan, pakikipag-ugnayan, at mas inklusibong komunikasyon sa mga multilinggual na komunidad. Dagdag pa rito, ipinakita ng mga pag-aaral hinggil sa multilingual participation at language interaction na ang paggamit ng iba't ibang wika ay nagpapalawak ng partisipasyon, kolaborasyon, at pag-unawa sa loob ng isang komunidad. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng pangalawang wika ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng maayos na pakikipagtalastasan sa isang multilinggual na lipunan (Tai at Dai, 2024).

Talahanayan 2.2

Ang Pangalawang Wika na Umiiral sa Barangay Nalilidan

Impormante (Manobo)	Unang wika	Pangalawang wika
1	Manobo	Cebuano/Teduray/Tagalog/English/Maguindanaon
2	Manobo	Tagalog/Cebuano
3	Manobo	Tagalog/Cebuano
4	Manobo	Tagalog/Teduray/Cebuano
5	Manobo	Cebuano/Tagalog

Ipinapakita sa Talahanayan 2.2 na ang wikang Manobo ang pangunahing unang wika ng mga impormante, samantalang ginagamit nila ang Cebuano, Tagalog, Teduray, English, at Maguindanaon bilang mga pangalawang wika. Ipinahihiwatig nito na ang mga mamamayang Manobo ay nakikibahagi sa isang multilinggual na komunidad kung saan kinakailangang gumamit ng iba't ibang wika upang maging epektibo ang komunikasyon.

Makikita rin na mas madalas gamitin ang Tagalog at Cebuano bilang pangalawang wika sapagkat ito ang karaniwang wikang ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa komunidad. Ipinapakita nito na ang pagpili ng wika ay nakabatay sa pangangailangan ng komunikasyon at sa mga taong nakakasalamuha araw-araw.

Ipinaliwanag nina Wardhaugh at Fuller (2021) na ang pagpili ng wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan ay naapektuhan ng kontekstong panlipunan at ng grupong kinabibilangan ng tagapagsalita. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng pangalawang wika ay nagsisilbing tulay upang magkaroon ng pagkakaunawaan at epektibong komunikasyon sa loob ng komunidad.

Talahanayan 2.3

Ang Pangalawang Wika na Umiiral sa Barangay Nalilidan

Impormante (Maguindanaon)	Unang wika	Pangalawang wika
1	Maguindanaon	Tagalog/English/Cebuano
2	Maguindanaon	Tagalog/Cebuano
3	Maguindanaon	Tagalog
4	Maguindanaon	Tagalog
5	Maguindanaon	Tagalog/Cebuano

Ipinapakita sa Talahanayan 2.3 na ang wikang Maguindanaon ang pangunahing unang wika ng mga impormante, habang ang Tagalog at Cebuano naman ang karaniwang ginagamit bilang pangalawang wika. May ilan



ding gumagamit ng wikang English bilang karagdagang wika sa pakikipagtalastasan. Ipinahihiwatig nito na mahalaga ang paggamit ng pangalawang wika upang mapanatili ang maayos na komunikasyon sa isang komunidad na binubuo ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko.

Makikita rin na ang wikang Tagalog ang pinakaginagamit na pangalawang wika sapagkat ito ang pangunahing wikang nauunawaan ng karamihan. Dahil dito, nagsisilbi itong lingua franca o tulay sa komunikasyon ng iba't ibang grupo sa komunidad.

Sinusuportahan ito nina Curzan et al. (2023) na nagsasabing ang paggamit ng dominanteng wika ay karaniwang nagiging paraan upang magkaroon ng mas malawak na pagkakaunawaan sa lipunan. Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Tai at Wei (2025) na ang multilingguwalismo ay nagpapalawak ng kakayahan ng mga tao na makibahagi sa komunikasyon at interaksyong panlipunan. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng pangalawang wika ay mahalagang bahagi ng multilingguwalismo at pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa Barangay Nalilidan.

Talahanayan 3.1

Ang Wikang Umiiral sa Palengke at Terminal sa Barangay Nalilidan

Tribo Ilonggo	Palengke	Terminal	Dahilan
1	Ilonggo/Tagalog	Tagalog/Cebuano	Upang maunawaan ng kausap.
2	Ilonggo/Cebuano/Tagalog	Cebuano/Tagalog	Nakabatay sa kausap ang wikang gagamitin sa pakikipag talastasan
3	Cebuano/ Ilonggo	Cebuano/Tagalog	Nakabatay sa kausap
4	Ilonggo/Tagalog	Cebuano	Nakabatay sa lipunang ginagalawan
5	Cebuano/Tagalog	Cebuano	Upang magkaintindihan

Ipinapakita sa Talahanayan 3.1 na gumagamit ang mga impormanteng Ilonggo ng iba't ibang wika tulad ng Ilonggo, Tagalog, at Cebuano sa pakikipagtalastasan sa palengke at terminal. Ipinahihiwatig nito na ang pagpili ng wikang ginagamit ay nakabatay sa sitwasyon, lugar, at taong kinakausap upang magkaroon ng maayos na komunikasyon at pagkakaunawaan.

Makikita rin na mas madalas gamitin ang Tagalog at Cebuano sa terminal, samantalang ginagamit naman ang Ilonggo kasabay ng Tagalog at Cebuano sa palengke. Ipinapakita nito na ang mga mamamayan ay nag-aangkop ng kanilang wika depende sa pangangailangan ng komunikasyon at sa wikang mas madaling maunawaan ng kanilang kausap.

Sinusuportahan ito nina Tai at Wei (2025) na nagsasabing ang multilingual practices ay mahalagang mekanismo sa pagpapadali ng interaksyon at komunikasyon sa lipunan. Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Wardhaugh at Fuller (2021) na ang pagpili ng wikang ginagamit ng isang tao ay naaapektuhan ng kontekstong sosyal at ng grupong kanyang kinabibilangan. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng iba't ibang wika sa palengke at terminal ay mahalagang bahagi ng pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa isang multilingguwal na komunidad.

Talahanayan 3.2

Ang Wikang Umiiral sa Palengke at Terminal sa Barangay Nalilidan

Tribo Manobo	Palengke	Terminal	Dahilan
1	Tagalog/Cebuano/ Ilonggo/Maguindanaon	Cebuano	Batay sa Nakakausap



2	Cebano	Cebuano/Tagalog	Batay sa nakakasalumu-hang tao
3	Maguindanaon/Tagalog/Cebuano	Cebuano	Naayon sa nakakasalumu-hang tao
4	Tagalog/Cebuano	Cebuano/Tagalog	Upang magkaroon Ng Pagkakaunawaan
5	Cebuano/Tagalog	Cebuano	Para maipahayag ang nais sabihin

Ipinapakita sa Talahanayan 3.2 na ang mga impormanteng Manobo ay gumagamit ng Tagalog, Cebuano, Ilonggo, at Maguindanaon sa pakikipagtalastasan sa palengke at terminal. Ipinahihiwatig nito na ang mga mamamayan ay may kakayahang magpalit o mag-angkop ng wikang ginagamit batay sa taong kanilang nakakasalumuha at sa sitwasyong kinabibilangan nila.

Makikita rin na ang wikang Cebuano at Tagalog ang pinakaginagamit sa terminal at palengke sapagkat ito ang mas madaling maunawaan ng karamihan. Dahil dito, nagiging instrumento ang mga wikang ito upang mapanatili ang maayos na komunikasyon at maiwasan ang hindi pagkakaintindihan sa araw-araw na pakikipag-ugnayan.

Ipinaliwanag ni Meyerhoff (2018) na ang multilinggwalismo ay bunga ng patuloy na interaksyon ng iba't ibang pangkat panlipunan at nagiging mahalagang bahagi ng komunikasyon sa lipunan. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng iba't ibang wika ay nagpapakita ng dinamika ng multilinggwalismo at pakikisalamuha ng mga Manobo sa komunidad.

Talahanayan 3.3

Ang Wikang Umiiral sa Palengke at Terminal sa Barangay Nalilidan

Tribo Maguindanaon	Palengke	Terminal	Dahilan
1	Maguindanaon/Tagalog/Cebuano	Tagalog/Maguindanaon	Dipendi sa taong nakakausap
2	Maguindanaon/Tagalog/Cebuano	Tagalog/Maguindanaon	Sapagakat ito ang wika kung saan kami nagkakaintindihan
3	Maguindanaon/Tagalog	Tagalog/Maguindanaon	Simple lang, gumagamit tayo ng ibat ibang wika batay sa taong ating nakakausap.
4	Maguindanaon/Tagalog	Tagalog/Maguindanaon	Upang magkaintindihan
5	Tagalog/Cebuano	Tagalog/Maguindanaon	Para mas maunawaan at maipahayag natin ang nais nating sabihin sa ating kapwa

Ipinapakita sa Talahanayan 3.3 na ang mga impormanteng Maguindanaon ay gumagamit ng Maguindanaon, Tagalog, at Cebuano sa pakikipagtalastasan sa palengke at terminal. Ipinahihiwatig nito na ang pagpili ng wikang ginagamit ay nakabatay sa taong kausap upang magkaroon ng malinaw at epektibong komunikasyon.

Makikita rin na mas madalas gamitin ang wikang Tagalog sa pakikipag-usap sapagkat ito ang wikang higit na nauunawaan ng karamihan sa komunidad. Samantala, ginagamit pa rin ang wikang Maguindanaon bilang



pagpapakita ng kanilang identidad at pagkakakilanlang pangkultura. Ipinapakita nito na ang mga mamamayan ay marunong mag-angkop ng wikang ginagamit depende sa sitwasyon at pangangailangan ng komunikasyon.

Binigyang-diin nina Curzan et al. (2023) na ang paggamit ng iba't ibang baryasyon ng wika ay bunga ng pakikipag-ugnayan at adaptasyon ng mga tagapagsalita sa kanilang lipunang ginagalawan. Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng iba't ibang wika sa palengke at terminal ay sumasalamin sa multilinggwalismo at dinamika ng komunikasyon sa Barangay Nalilidan.

KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na umiiral ang makabuluhang baryasyong leksikal sa wikang Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon sa Barangay Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Ipinakita ng resulta na mas maraming terminolohiyang di-magkatulad kaysa sa magkatulad, na nagpapatunay sa impluwensiya ng mga salik na heograpikal at panlipunan sa paghubog ng wika.

Natuklasan din na ang paggamit ng pangalawang wika tulad ng Tagalog at Cebuano ay mahalagang bahagi ng pakikipagtalastasan sa komunidad, lalo na sa mga pampublikong lugar gaya ng palengke at terminal. Ipinapakita nito ang dinamika ng multilinggwalismo at ang papel ng wikang Filipino bilang tulay sa komunikasyon.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nag-aambag sa larangan ng wikang Filipino at sosyolingguwistika sa pamamagitan ng pagpapakita na ang baryasyong leksikal ay hindi hadlang kundi isang patunay ng yaman at diversidad ng wika sa Pilipinas. Ito ay may implikasyon sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa pagpapahalaga sa mga rehiyonal na wika at sa paglinang ng inklusibong komunikasyon.

REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay maaaring isaalang-alang:

1. Maaaring magsagawa ng karagdagang pananaliksik hinggil sa baryasyong leksikal sa iba pang multilinggwal na komunidad upang mapalawak ang pag-unawa sa dinamika ng wika sa Pilipinas.
2. Maaaring gamitin ng mga guro ang mga natuklasan sa pag-aaral upang maisama sa pagtuturo ng Filipino ang pagpapahalaga sa mga rehiyonal na wika at baryasyon nito bilang bahagi ng inklusibong edukasyon.
3. Maaaring paigtingin ng mga mananaliksik ang pag-aaral sa ugnayan ng wika, kultura, at identidad upang higit na maunawaan ang papel ng wika sa paghubog ng komunidad.
4. Maaaring bumuo ng mga programang pangwika na nagtataguyod ng paggamit at pagpapanatili ng mga katutubong wika tulad ng Ilonggo, Manobo, at Maguindanaon.
5. Maaaring gamitin ang mga natuklasan bilang batayan sa paglinang ng mga materyales sa pagtuturo na sumasalamin sa tunay na kalagayang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

MGA SANGGUNIAN

- Abucay, S. M. (2025). Lexical Variation of the Cebuano Language in Southeastern Philippines. *WVSU Research Journal*, 14(2), 118-140. <https://doi.org/10.59460/wvsurj.1422724.2025>
- Arellano III, B. M. (2022). The history of migration settlement of Ilonggo people in Tacurong, Cotabato (1930s-1970s). *UP Los Baños Journal*, 20(1). <https://www.ukdr.uplb.edu.ph/journal-articles/5751>
- Barbosa, E. (2022). The Semiotics of the Peace Rituals (Pomaas Atag to Kosunayan) of Obo Manobo People. *International Journal of Language and Literary Studies*, 4(1), 1-18. <https://doi.org/10.36892/ijlls.v4i1.622>
- Bucholtz, M., & Hall, K. (2005). Identity and interaction: A sociocultural linguistic approach. *Discourse studies*, 7(4-5), 585-614. <https://doi.org/10.1177/1461445605054407>
- Curzan, A., & Adams, M. (2014). How English works: A linguistic introduction. Pearson. Retrieved from: <https://jakininitiative.org/wp-content/uploads/2024/12/nmzvarpen-how-english-works-a-linguistic-introduction-11767714-wnxva.pdf>
- Curzan, A., Queen, R. M., VanEyck, K., & Weissler, R. E. (2023). Language standardization & linguistic subordination. *Daedalus*, 152(3), 18-35. https://doi.org/10.1162/daed_a_02015
- Dalago, C.G., & Ciruela, D.A. (2025). Geographical dimension: Lexical variation of Surigaonon-Dinagatnon, Cebuano,



Binulanan, and Waray languages in Dinagat Island. *PANTAO: International Journal of the Humanities and Social Sciences*, 4(2), <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0402234>

Kalra, K., & Danis, W. (2024). Language and identity: The dynamics of linguistic clustering in multinational enterprises. *Journal of World Business*, 59(4), 101541. <https://doi.org/10.1016/j.jwb.2024.101541>

Kunso, F. M., & Mendoza, R. C. (2021). Variations in the Maguindanaon Language. *Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature*, 3(2), 67-91. Retrieved from: https://www.researchgate.net/publication/361935690_Variations_in_the_Maguindanaon_Language

Labio, J. A., Olbenario, G., Ellena, F. M., & Villahermosa, J. M. (2026). Lexical convergence and semantic variation between Cebuano and Hiligaynon: Evidence from scripted spoken discourse in the Philippines. *Advanced Qualitative Research*, 4(1), 129-142. <https://doi.org/10.31098/aqr.v4i1.3858>

Labov, W. (1994). *Principles of linguistic change (Vol. 1)*. Oxford: Blackwell. <https://doi.org/10.1017/S0022226700015693>

Lantaya, L. J., Bonifacio, R., Jabagat, G., Ilongo, L. J., Lucday, E. C. G., & Maluenda, R. (2021). Beyond extinction: Preservation and maintenance of endangered indigenous languages in the Philippines. *International Journal of Scientific & Technology Research*, 10(12), 54-61. Retrieved from: https://www.researchgate.net/profile/Rene-Bonifacio/publication/358900334_Beyond_Extinction_Preservation_And_Maintenance_Of_Endangered_Indigenous_Languages_In_The_Philippines/links/6365914f2f4bca7fd0321608/Beyond-Extinction-Preservation-And-Maintenance-Of-Endangered-Indigenous-Languages-In-The-Philippines.pdf

Masorong, S. K. (2021). The jumbled languages: Code mixing in the modern world. *Journal of World Englishes and Educational Practices*, 3(2), 77-84. <https://doi.org/10.32996/jweep.2021.3.2.7>

Mendoza, K. (2024). Influence of cultural background on language comprehension in Philippines. *International Journal of Linguistics*, 5(3), 15 - 28. <https://doi.org/10.47604/ijl.2980>

Meyerhoff, M. (2018). *Introducing sociolinguistics*. Routledge. <https://doi.org/10.4324/9780429507922>

Ocampo, R. O., & Belarde, S. A. (2021). Language Grafting: Code mixing patterns in Ilocano conversational language as an input to the Philippine mother-tongue-based multilingual education. *Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies*, 4(2), 29-35. <https://journalajl2c.com/index.php/AJL2C/article/view/70>.

Ojanola, R., & Tarusan, M. A. (2023). Linguistic variations of Blaán in Soccsargen Region: A variationist sociolinguistic study. *Technium Social Sciences Journal*, 45(1), 393-407. <https://doi.org/10.47577/tssj.v45i1.9163>

Pabia, N. J., Jungao, E., & Rapisora, D. J. M. (2024). Lexicons and its meaning in the Matigsalug Manobo rituals. *CMU Journal of Science*, 28(1), 111-123. <https://doi.org/10.52751/cmujcs.2024.v28i1.w5qa4f58>

Sandow, R., Grieve, J., Stamp, R., & Schembri, A. (2025). Lexical variation and change: Integrating lexis into variationist sociolinguistics. *Language Variation and Change*, 37(3), 293-318. <https://doi.org/10.1017/S0954394525100628>

Tagliamonte, S. A. (2011). *Variationist sociolinguistics: Change, observation, interpretation*. John Wiley & Sons. Retrieved from: <https://www.wiley.com/en-us/Variationist+Sociolinguistics%3A+Change%2C+Observation%2C+Interpretation-p-9781405135900>

Tai, K. W., & Wei, L. (2025). Mobilising multilingual and multimodal resources for facilitating knowledge construction: Implications for researching translanguaging and multimodality in CLIL classroom context. *Journal of multilingual and multicultural development*, 46(5), 1531-1541. <https://doi.org/10.1080/01434632.2024.2442525>



- Tai, K. W., & Dai, D. W. (2024). Observing a teacher's interactional competence in an ESOL classroom: A translanguaging perspective. *Applied Linguistics Review*, 15(5), 2061-2096. <https://doi.org/10.1515/applirev-2022-0173>
- Wang, J., Jin, G., & Li, W. (2023). Changing perceptions of language in sociolinguistics. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10(1), 91. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01574-5>
- Wardhaugh, R., & Fuller, J. M. (2021). An introduction to sociolinguistics. John Wiley & Sons. Retrieved from: https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=y0orEAAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR13&dq=An+Introduction+to+Sociolinguistics,+8th+Edition&ots=MoyyY6kCyt&sig=9k2fH3EPw_kpclQEzbQoFFhb5A&redir_esc=y#v=onepage&q=An%20Introduction%20to%20Sociolinguistics%2C%208th%20Edition&f=false